

# Walang Iwanan

Muling kumikinang ang mga bituin,  
Habang nagmamasid sa munting bintana'y nakatingin.  
Tahimik na ang bawat eksena,  
Ang pandemya ay tila nakakabingi sa tuwina.

Malapit pero sadyang malayo;  
Walang kasiguraduhan ang bukas kahit may tayo.  
Minimithi ko na lamang ay maging patak ng ulan,  
Nang sa ganoo'y ikaw ay mahawakan.

Hindi bibitaw magpakailanman,  
Aking irog malayo ka man,  
Ikaw ay tila malapit pa rin,  
Sapagkat ikaw pa rin ang iibigin.

